5

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Home Economics – Modyul 5: Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_EPP5_HE_Module5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Modyul 5: Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jumyla-an O. Cogay
Editor: Idah M. Sayre, Jenita D. Guinoo, Henry T. Jarina
Tagasuri: Annie Vir Dalanon-Tariao, Gary B. Mosquito
Tagaguhit: Hareol N. Tero
Tagalapat: Junrell R. Lora
Tagapamahala:

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Lani H. Cervantes
Alejandro S. Almendras
Maria Pia B. Chu
Allan O. Celedonio
Imelda A. Amodia

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – SDO - Region VIII
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 832 2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Home Economics – Modyul 5: Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Alamin

Sa araling ito, ang paglinang ng kaalaman at kasanayan mo bilang isang mag-aaral ay makatutulong upang mapaunlad ang pamumuhay ng iyong mag-anak. Maaaring makabuo ng mga proyekto na maaaring pagkakitaan sa simple o payak na pamamaraan.

Dapat iyong tandaan na ang malikhaing paggawa ng isang proyekto ay isang kakayahan na nagpapatunay na ikaw ay may kakayahang makatuklas at makabuo ng mga proyekto mula sa isang plano.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang nakalilikha ng isang malikhaing proyekto.

Subukin

Tingnan ang larawan sa bawat bilang at alamin kung ano ang tawag sa mga kagamitang ito. Isaayos ang mga titik sa loob ng kahon upang mabuo ang salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.

u	n	g	i	t	g	n

2.

p	a	n	r	o

3.

a	m	i	k	a	n	n	g		a	i	p	N	a	t	h

4.

i	s	u	n	i	d	l

5.

e	d	m	i	d	a

6.

i	d	d	l	a

7. 

i	p	n		c	h	u	s	o	n	i

8.

m	y	e	r	e		a	g	b

9.

u	r	l	r	e

.

10.

a	y	k	u	r	m	a

Aralin 1	Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto!

Balikan

Natatandaan mo pa ba ang mga bahagi ng plano para sa paggawa ng proyekto? Sa bahaging ito, aalamin mo kung anong bahagi ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ito ang pinakamahalagang bahagi sa paggawa ng proyekto. Dito nakasulat ang tawag sa binabalak na gawing proyekto.
2. Sa bahaging ito isinasaad ang dahilan o pakay kung bakit gagawin ang proyekto.
3. Dito makikita ang kompletong listahan ng mga materyales at halaga sa pagbuo ng plano.
4. Sa bahaging ito ng plano malalaman ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye sa pagbuo ng proyekto.
5. Makikita sa bahaging ito ang mga kasangkapang kailangan upang maisagawa ang proyekto.

Tuklasin

Naranasan mo na bang gumawa ng isang proyekto? Ito ba ay kapaki-pakinabang? Anong uri ng proyekto ang nagawa mo? Naipakita mo ba ang pagiging mapamaraan at pagkamalikhain sa paggawa nito?

Pag-aralang mabuti ang dalawang larawan sa ibaba.

Larawan A

Larawan B

Gabay na tanong:

1. Ano ano ang iyong masasabi sa larawan A? sa larawan B?
2. Alin sa dalawang larawan ang nagpapakita ng pagkamalikhain sa paggawa? Bakit?

Suriin

Isa sa mga proyekto na maaari mong gawin sa malikhaing paraan at mapagkakitaan ay ang paggawa ng *apron*. Sa pagluluto, ang apron upang maproktektahan ang damit mula sa mantsang matatapon habang nagluluto. Ginagamit din ito bilang pamunas ng kamay.

Sa araling ito, pag-aaralan natin kung paano ang paggawa ng apron sa malikhaing pamamaraan.

Pagsukat at Paggawa ng Padron

1. Gawing modelo ang iyong Nanay o nakatatandang kapatid. Kuhanin mo ang wastong sukat gamit ang medida.
   a. Una, kunin ang sukat sa dibdib. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng dibdib at sa ilalim ng braso. Panatilihing tuwid ang likod ng iyong sinusukatan.
   b. Pangalawa, kunin ang sukat sa baywang. Ilagay paikot ang medida sa pinakamaliit na bahagi ng baywang.
   c. Pangatlo, kunin ang sukat sa balakang. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng balakang.
   d. Ikaapat, kunin ang sukat sa ulo. Ilagay paikot and medida sa ulo.
   e. Panghuli, kunin ang haba ng apron: Sukatin ang haba buhat sa kilikili hanggang sa laylayan ng damit at dagdagan ito ng 7 hanggang 8 *cm*.

2. Matapos kunin ang lahat ng sukat, gumawa ng padron para sa apron. Narito ang mga hakbang sa paghahanda ng padron.
   a. Ihanda ang *pattern paper* na gagamitin.
   b. Itupi ang papel nang pahaba.
   c. Ilipat ang mga hinating sukat ng dibdib, baywang, at balakang.
   d. Lagyan ng palatandaang letra ang mga bahagi para hindi ito magkapalit.

3. Ilapat ang padron at gupitin ang tela. Narito ang mga hakbang sa paglalapat ng padron sa tela:
   a. Tiklupin ang tela sa gitna na nakaharap ang kabaligtarang panig o wrong side sa iyo.
   b. Ilagay ang lahat ng padron o tularan sa ibabaw ng tela nang sama-sama upang matiyak na walang makakalimutang bahagi.
   c. Lagyan ng aspile ang mga padrong inilagay sa ibabaw ng tela.
   d. Gawing pahilis ang paglalagay ng aspile.
   e. Ilipat at lagyan ng marka ng pagtatahian ang tela.
   f. Gumamit ng tracing wheel o tracing paper.
   g. Dagdagan ng 2 *cm* pasobra o *allowance* sa gilid.
   h. Gupitin ang tela sa pamamagitan ng matalas na gunting.
   i. Tiklupin ang bawat pirasong ginupit na kasama ang padron.
   j. Itabi sa lalagyan.

Mga Hakbang sa Pagtatahi ng Apron

1. Gumawa ng tupi sa gilid ng laylayan. Sukatin ang *½ cm* para sa unang tupi at itupi muli ng *1 cm*. Ingatan ang pagtutupi, lalong-lalo na sa kurbadong bahagi.

2. Ihilbana ang tupi at tahiin sa makina. Tastasin ang hilbana.

3. Gumawa ng pirasong tela para sa gagawing *bias* para sa kilikili.

4. Tupiin ang pirasong tela nang pahilis upang ang mga paayon at pahalang na sinulid ng tela ay magkahilera. Maaaring gumamit ng *cardboard* para sa sukatan.

5. Gumupit ng ilang pirapirasong *bias* ayon sa sukat ng bahaging kilikili. Paglapatin ang bias nang nakaharap sa isat-isa upang makabuo ng parisukat na anggulo. Ayusin at ihilbana.

6. Buksan ang pinagdugtungan upang matiyak na tuwid at maayos ang dalawang piraso. Tahiin sa makina. Iayos ang pinagdugtong-dugtong na *bias* sa kurbadang gilid ng kilikili. Maglaan ng ½ pulgada sa magkabilang gilid ng *bias* para sa tuping gagawin. Itupi ng paloob.

7. Ihilbana ang *bias* bago ito tahiin nang permanente sa makina. Baligtarin at ilapat muli sa bahagi ng gilid bago ihilbana sa apron.

8. Sukatin ang lapat na 1 cm at markahan ang tuping gagawin sa *bias*. Ihilbana muli bago tahiin sa makina. Gawin ang tupi sa taas ng *apron*. Sukatin nang may 1 ½ pulgada ang lapat nito. Gawin ang mga panahi ng *apron*.

9. Tupiin ang kahabaan ng tela sa gitna na magkaharap. Sukatin ang 1 *cm* sa gilid. Lagyan ng aspile bago ihilbana. Tahiin ito sa makina. Ilipat ang tinahing tupi sa gitna ng diinan. Tahiin din ang dulo upang sumara. Hayaang bukas ang kabilang dulo.

10. Baliktarin ang pananahi sa pamamagitan ng pagtulak ng saradong dulo. Ikabit ang tahi. Ilapat sa itaas ng sulok ng kabaligtaran ng apron ang dulo ng sinulid. Lagyan ng aspile bago ito ihilbana. Tahiin ito nang pahilis mula sa kanto upang magkaroon ng ekis.

11. Tahiin ang bulsa. Sukatin nang pantay-pantay ang mga gilid nito. Ihilbana bago tahiin sa makina.

12. Piliin ang pinakamahusay na lugar na paglalagyan ng bulsa. Lagyan ng aspile at ihilbana. Tahiin sa makina. Tanggalin ang hilbana.

13. Ikabit ang *magic tape* na pandikit sa likod ng *apron*.

14. Lagyan ng mga palamuti o kakaibang disenyo upang maging kaakit-akit ang iyong ginawang *apron*.

15. Ang natapos na *apron* ay isusuot nang naka-ekis ang mga panali sa likod.

Pagyamanin

Basahing muli at unawaing mabuti ang mga hakbang sa pagsukat at paggawa ng padron na nasa Suriin. Tandaan ito at sagutin ang mga sumusunod na gawain.

Gawain 1.
Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay tumutukoy sa tamang paggawa ng padron at **Mali** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

_____ 1. Kunin ang sukat sa dibdib. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng dibdib at sa ilalim ng braso. Panatilihing tuwid ang likod ng iyong sinusukatan.
_____ 2. Pangatlo, kunin ng sukat ang baywang. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng baywang.
_____ 3. Panghuli kunin ang haba ng apron: Sukatin ang haba buhat sa kilikili hanggang sa laylayan ng damit at dagdagan ito ng 7 hanggang 8 *cm.*
_____ 4. Matapos kunin ang lahat ng sukat maari ka nang gumawa ng apron.
_____ 5. Sa paglalapat ng padron sa tela, tiklupin ang tela sa gitna na nakaharap ang kabaligtarang panig o *wrong side* sa iyo.

Gawain 2.
Panuto: Lagyan ng tsek **(/)** kung tama ang hakbang na tinutukoy sa pagtatahi ng apron at ekis **(x)** kung hindi. Isulat ang sagot sa kwaderno.

_____ 1. Gumawa ng tupi sa gilid ng laylayan. Sukatin ang 1/4 *cm* para sa unang tupi at itupi muli ng 1 *cm.* Ingatan ang pagtutupi, lalong-lalo na sa kurbadong bahagi.
_____ 2. Gumawa ng pirasong tela para sa gagawing bias para sa kilikili.
_____ 3. Tupiin ang pirasong tela nang pahilis upang ang mga paayon at pahalang na sinulid ng tela ay magkahilera. Maaaring gumamit ng *cardboard* para sa sukatan.
_____ 4. Gumupit ng ilang pirapirasong *bias* ayon sa sukat ng bahaging kilikili. Paglapatin ang bias nang nakaharap sa isat-isa upang makabuo ng parisukat na anggulo. Ayusin at ihilbana.
_____ 5. Ihilbana ang *bias* bago ito tahiin nang permanente sa makina. Baligtarin at ilapat muli sa bahagi ng gilid bago ihilbana sa apron.
_____ 6. Tupiin ang kahabaan ng tela sa gitna nang magkaharap. Sukatin ang 2 *cm* sa gilid. Lagyan ng aspile bago ihilbana. Tahiin ito sa makina. Ilipat ang tinahing tupi sa gitna ng diinan. Tahiin din ang dulo upang sumara. Hayaang bukas ang kabilang dulo.
_____ 7. Baliktarin ang pananahi sa pamamagitang ng pagtulak ng saradong dulo. Ikabit ang tahi. Ilapat sa itaas ng sulok ng kabaligtaran ng apron ang dulo ng sinulid.

_____ 8. Tahiin ang bulsa. Sukatin nang pantay-pantay ang mga gilid nito. Ihilbana bago tahiin sa makina.
_____ 9. Piliin ang pinakamahusay na lugar na paglalagyan ng bulsa. Iaspile at ihilbana. Tahiin sa makina. Tanggalin ang hilbana.
_____ 10. Lagyan ng mga palamuti o kakaibang desinyo upang maging kaakit-akit ang iyong ginawang apron.

Gawain 3

Ngayong alam mo na ang mga hakbang sa paggawa ng padron at apron. Subukan mo itong isagawa. Gamit ang sukat na nakuha mo sa iyong Nanay o nakatatandang kapatid, gumawa ng apron gamit ang padron at iba pang gamit sa pagtatahi. Sundin nang maigi ang mga hakbang na iyong napag-aralan. Huwag kalimutan ang pagiging malikhain sa iyong paggawa.

Ngayon, tingnan natin kung maayos mong nagawa ang iyong padron at apron. Pamarkahan sa iyong Nanay o nakatatandang kapatid ang nagawa mong proyekto gamit ang rubriks sa ibaba.

Rubriks sa Paggawa ng Padron

Bilang	3	2	1	Iskor	Kabuuang Iskor
Kagamitan	Ang mga kagamitan ay kumpleto at ginamit nang wasto	Kulang ng isang kagamitan ngunit wasto ang pag gamit	Kulang ang mga kagamitan at hindi wasto ang paggamit.		
Pamamaraan	Tamang pag sunod sa pamamaraan	Ginamit nang wasto ngunit hindi nasunod nang tama.	Hindi na sunod nang tama ang pamamaraan.		
Sukat	Nakuha ang tamang sukat	May ibang detalyeng hindi tama ang pagkakasukat	Hindi nakuha ang tamang sukat		
Bilis	Natapos ang gawain nang mabilis	Natapos ang gawain sa takdang oras	Natapos ang gawain ngunit lumagpas sa itinakdang oras		

Rubriks sa Paggawa ng Apron

Bilang	3	2	1	Iskor	Kabuuang Iskor
Kagamitan	Ang mga kagamitan ay kumpleto at ginamit nang wasto	Kulang ng isang kagamitan ngunit wasto ang paggamit	Kulang ang mga kagamitan at hindi wasto ang pag gamit.		
Pamamaraan	Tamang pag sunod sa pamamaraan	Ginamit nang wasto ngunit hindi nasunod nang tama.	Hindi na sunod nang tama ang pamamaraan.		
Padron	Nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron	May ibang detalyeng hindi tama ang pagkakasukat, hugis at desinyo	Hindi nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron		
Bilis	Natapos ang gawain nang mabilis	Natapos ang gawain sa takdang oras	Natapos ang gawain ngunit lumagpas sa itinakdang oras		

Isaisip

Ano ang kabutihang dulot ng paggawa ng isang proyekto sa malikhaing paraan?

_____

_____

Isagawa

Gamit ang mga nalalaman mo sa araling ito, gumawa ng isa pang malikhaing proyekto - Apron. Ipakita ito sa iyong guro sa susunod ninyong pagtatagpo.

Tayahin

Binabati kita! Ngayon nakagawa ka na ng isa pang malikhaing proyekto. Sukatin natin ang husay mo sa paggawa. Markahan ito gamit ang rubriks sa ibaba.

Bilang	3	2	1	Iskor	Kabuuang Iskor
Kagamitan	Ang mga kagamitan ay kumpleto at ginamit nang wasto	Kulang ng isang kagamitan ngunit wasto ang paggamit	Kulang ang mga kagamitan at hindi wasto ang pag gamit.		
Pamamaraan	Tamang pag sunod sa pamamaraan	Ginamit nang wasto ngunit hindi nasunod nang tama.	Hindi na sunod nang tama ang pamamaraan.		
Padron	Nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron	May ibang detalyeng hindi tama ang pagkakasukat, hugis at desinyo	Hindi nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron		
Bilis	Natapos ang gawain nang mabilis	Natapos ang gawain sa takdang oras	Natapos ang gawain ngunit lumagpas sa itinakdang oras		

Karagdagang Gawain

Magsaliksik sa internet ng iba pang gamit pambahay na gusto mong gawing proyekto. Alamin ang mga hakbang sa paggawa nito at subukan mo itong gawin sa inyong bahay.

Susi sa Pagwawasto

Tayahin Batay sa Rubriks	**Pagyamanin** **Gawain 1** 1. Tama 2. Mali 3. Tama 4. Mali 5. Tama	**Pagyamanin** **Gawain 2** 1. X 6. X 2. / 7. / 3. / 8. / 4. / 9. / 5. / 10. / Gawain 3: Batay sa rubriks
Tuklasin Malayang makapagbigay ng sagot ang mag-aaral.	**Balikan** 1. Pangalan ng Proyekto 2. Layunin 3. Talaan ng Materyales 4. Hakbang sa Paggawa 5. Talaan ng mga Kasangkapan	**Subukin** 1. gunting 2. apron 3. makinang pantahi 4. sinulid 5. medida 6. didal 7. pin cushion 8. emery bag 9. ruler 10. karayum

Sanggunian

Pantahanan at Pangkabuhayan 5, *(Home Economics*) p. 145-147

Curriculum Gide, EPP 5, EPP5HE-0g-18 (1.18.1), p. 26 of 45

https://it.wikipedia.org/wiki/File:Fingerhut.jpg

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph